

1 National Health Insurance Program

Ang sistema ng medical insurance sa Japan, na tinatawag na mutual-aid na sistema na kung saan ang lahat ay nagbabayad ng premiums ay disenyo na magbigay ng abot kayang medikal na pangangalaga sa lahat ng may sakit o kapansanan. Ang lahat ng residente ng Japan, kasama ang mga dayuhan ay obligadong sumali sa national Health Insurance na programa.

① Sinu-sino ang maaaring sumali

Ang mga sumusunod na kailangang sumali sa National health Insurance Program

- Mga taong nakatira sa Ota City at mayroong Registered Residence
- Mga residenteng hindi kabilang sa kahit anong pampublikong medikal insyurans.
- Mga residenteng hindi sinusuportahan ng mga pampublikong tulong pinansyal.
- Mga residenteng hindi nakasali sa programang pang medikal insyurans ng mga matatandang mamamayan

② Aplikasyon para sa National Health Insurance

[Sumangguni sa] **National Health Insurance Qualification Section,
National Health Insurance and National Pension Division**
☎ 03-5744-1210

Para sa mga karapat-dapat na indibidwal, maaari lamang na kompletuhin ang mga kinakailangang pamamaraan upang makasali sa National Health Insurance Program sa loob ng 14 araw matapos maging kwalipikado sa National Health Insurance Qualification Section o sa Branch Office(P.17).

Kasama sa mga kailangang dokumento ay ang My Number ng lahat ng mga aplikante at ang puno ng sambahayan, kasama din dito ang pagkakakilanlan ng taong gumagawa ng aplikasyon. Maaari lang makipag-ugnayan para sa mga detalye.

※ Ang puno ng sambahayan ay ino-obliga na kumpletuhin ang pamamaraan sa pagsali para sa kanyang pamilya. Ang buwanang hulugan para sa insyurans ay kinukuha mula buwan kung kailan pumasa sa programa at hindi sa buwan ng iyong pagsali. Tandaan lamang na kapag hindi nakasali sa tamang panahon, kinakailangang magbayad ng insyurans kasama ang mga nakaraang buwanang bayad at kailangang akuin ang lahat ng gastos pang medikal maliban na lamang kung ito ay nangyari ng hindi inaasahan gaya ng aksidente, at kung anu-ano pa.



Listahan ng mga proseso

Pamamaraan	Mga sitwasyong kakailanganin ng pagsasagawa ng proseso
Pagsali sa National Health Insurance	Kapag lumipat ng tirahan sa Ota City
	Kapag umalis na sa Employees Health Insurance ng kompanyang pinagtrabahuhan
	Kapag nagkaroon ng anak
	Kapag hindi na maaring tumanggap ng tulong pinansyal para sa pamumuhay mula sa gobyerno
Pagtigil sa National Health Insurance	Kapag umalis ng Ota City o umalis ng Japan
	Kapag sumali sa Employee's Health Insurance ng kompanyang pinagtrabahuhan
	Kapag ang taong sumali sa programa ay namatay
	Kapag nagsimulang tumanggap ng tulong pinansyal para sa pamumuhay mula sa gobyerno
At iba pa	Kapag binago ang pangalan kabilang na ang palayaw na nakalagay sa sertipiko ng health insurance.
	Kapag nabago ang taong namamahala sa sambahayan
	Kapag may pagbabago sa impormasyon sa sambahayan dahil sa paghihiwalay o pagbubuklod
	Kapag lumipat sa loob ng ng Ota City
	Kapag ang katayuan o panahon ng paninirahan ay nabago
	Kapag kailangan ulit magkaroon ng sertipiko para sa National Health Insurance dahil sa pagkawala nito o iba pang dahilan.
	Kapag umalis ng Ota City para sa pagsasanay at kakailanganin ang sertipiko ng insyurans

③ Benepisyo para sa National Health Insurance

[Sumanguni sa] **National Health Insurance Benefit Section, National Health Insurance and National Pension Division**

☎ 03-5744-1211

- Kapag ikaw ay nagpagamot sa ospital o klinika, o na-ospital dahil sa karamdaman o kapansanan, maaari lamang na ibigay ng maaga ang sertipiko ng iyong National Health Insurance.
- Kapag ikaw ay nagpagamot ng hindi nakapagbigay ng inyong sertipiko ng insyurans sa medikal na pasilidad sa rason ng emergency katulad ng malulubhang sakit
- Kapag nagpagamot sa ibang lugar habang nasa biyahe sa ibang bansa (hindi kasali kung ang rason ng iyong biyahe ay ang magpagamot)
- Kapag bumili ng “orthosis” katulad ng korset
- Kapag ito ay tiniyak ng doktor na kailanganin para sa paggamot, na tumanggap ng masahe, acupuncture o iba pang mga tradisyunal na pamamaraan

- Kapag bumisita sa osteopathic o orthopedic na klinika
- Kapag ang malubhang kapansanan ay nangangailangan ng madaliang transportasyon ng pasyente (bayarin sa transportasyon)
- Kapag ang binayaran sa service counter ng pasilidad ng medikal ay lumampas sa itinakdang bayarin.
- Kapag binigyan ng sertipiko na naglalagay ng limitasyon o bawas sa pamantayan ng bayarin.
- Pagkain habang nasa ospital
- Kapag nagbabayad ng medikal na mga gastusin para sa mga taong sakop na mabigyan ng mataas na halaga ng medikal na gastusin
- Bayarin ukol sa magastos na matagalang gamutan
- Kapag tumatanggap ng gamot sa pagkahawa sa HIV na may kaugnayan sa chronic renal failure/blood coagulant preparations na kailangan ng hemophilia o artipisyal
- Lump Sum Birth Allowance
- Kapag ang miyembro ay namatay (gastusin sa burol)
- Tulong pinansyal para sa gamutan ng tuberculosis o tulong pinansyal para sa psychiatric na pangangalaga.
- Aksidente sa trapiko o pinsala
- Kapag ang bayad sa medikal na bayarin ay hindi posible dahil sa natural na kalamidad o kahalintulad na dahilan
- ※ Kapag ang medikal na bayarin ay masyadong mahal, magpakita ng “certificate of accepted limit “sa pasilidad na medikal para ma-limitahan ang bayarin sa service counter (kada buwan; iba din para sa outpatient, pagpa-ospital, medikal at dental). Mag-apply ng maaga.
- ※ Medikal na bayarin para sa orthosis, magastos na pangangalaga, lump sum birth allowances, bayarin sa burol, etc.
- ※ Pagkakatandaan na sa ibang kaso, ang programa ng National Health Insurance ay hindi sumasakop sa mga kapansanan/sakit, katulad ng mga sakit dahil sa aksidente sa trapiko o habang nasa trabaho. Maaaring magtanong para sa karagdagang impormasyon.

④ **Hulog na bayad para sa National Health Insurance**

**[Sumangguni sa] National Health Insurance Qualification Section,
National Health Insurance and National Pension Division
☎ 03-5744-1210**

Habang ang mga kasali sa pambansang programa sa National Health Insurance ay may karapatang makatanggap ng mga benepisyo at responsibilidad dahil sa pagbabayad ng buwanang hulog. Ang buwanang hulog ay isa sa importanteng pinagkukuhanan ng pondo upang mapatakbo ang programa. Kung kaya kelangan mong makasigurado na ikaw ay nagbabayad sa tamang oras. Ang isang taon na buwanang hulog ay ang kabuuan ng medikal na bahagi, suporta para sa matatandang mamamayan, at ang insyurans sa pangangalaga (kailangan lamang ito para sa mga taong may insyurans na edad 40~64 yrs. old.) Ang bawat bahagi ay malalaman sa pamamagitan ng pagsasama sa buwis galing sa kita at flat-rate na buwis. Upang makasigurado na ang buwanang hulog ay tama, ang pagbibigay ng ulat ng buwis mula

sa kita ay kinakailangan. Ang buwanang hulog para sa insyurans ay binabase sa bawat isang kabahayan, at ang nagtataguyod sa isang pamilya ay kinakailangan magbayad ng buwanang hulog para sa kanyang pamilya. Ibinibigay ang pahayag ng buwanang hulog sa nagtataguyod ng isang pamilya.

5 Pamamaraan ng pagbayad ng buwanang hulog

**[Sumangguni sa] National Health Insurance Premium Collection Section,
National Health Insurance and National Pension Division**
☎ 03-5744-1209

Ang puno ng sambahayan ang siyang nagbabayad ng insyurans ng kalusugan para sa lahat ng kanyang nasasakupan sa bahay. Mayroon dalawang paraan ng pagbabayad:

○ Awtomatikong pagbayad mula sa account sa bangko

Sa ganitong serbisyo, ang iyong buwanang hulog ay awtomatikong binabawas sa iyong pinansyal na account sa takdang oras na pagbabayad.

Aplikasyon:

- ① Dalhin ang iyong porma ng kahilingan para sa awtomatik na pagbawas, libro sa banko at selyo sa pinansyal na institusyon na ikaw ay mayroong deposito.
- ② Dalhin ang iyong libro sa banko at selyo sa National Health Insurance and National Pension Division

○ Pagbabayad gamit ang bill/kasulatan para sa buwanang hulog

Gamit ang porma sa bayad na pinadala galing sa City Office, magbayad bago ang itinakdang oras ng pagbabayad sa mga pinansyal na institusyon (banko, savings trust, credit union, agricultural cooperative, postal bank), convenience store, mobile cash register, mobile credit, cashless payment, branch office (P.17) o City Office.



Pakisuyong tumingin din dito kung gusto ninyong malaman ang detalye ng "National Health Insurance"

"Ota City National Health Insurance Guidebook"

Mga wikang available: Japanese, English

Kung saan pangunahing ipinamahagi: Counter ng National Health Insurance and National Pension Division, bawat Branch Office

Inilabas ng: National Health Insurance and National Pension Division, Residents Affairs Department, Ota City



6 Medikal na pangangalaga sa mga taong may edad 70 o pataas at mas bata sa 75 (Senior Members' Certificate)

**[Sumangguni sa] National Health Insurance Qualification Section,
National Health Insurance and National Pension Division**
☎ 03-5744-1210

Ilalabas para sa mga taong nasa edad na 70-74 yrs. old "National Health Insurance Recipient Card for Seniors". Ito ang medical certificate na magagamit kasama ng

insurance card mula sa unang araw ng susunod na buwan ng araw ng kapanganakan na maging 70 yrs. old (o mismong araw ng kapanganakan para sa tao na ang araw ng kapanganakan ay unang araw ng buwan) hanggang sa 75 yrs. old. Para sa mga taong kuwalipikado rito, itinatakda ang ratio ng sariling gagastusin sa pagpapagamot depende sa kinikita.

Ipapakita ang “National Health Insurance Recipient Card for Seniors” at “insurance card” din sa panahon ng pagpunta sa ospital o sa clinic at iba pa, o sa pagpapaospital.

2 Pensyon

(1) Sistema para sa Pensyon sa bansang Japan (National Pension Plan)

Ito ay plano para sa pensyon na pinamamahalaan ng gobyerno para suportahan ang mga matatanda, may kapansanan at mga namatayan. Ang kahit na sinong indibidwal na 20 yrs. hanggang bago mag 60 yrs. old (na may pinanghahawakan rehistro ng pagiging residente) na nakatira sa bansang Japan ay inoobliga ng batas na sumali sa National Pension Plan.

Tatlong klase ng mayroong insyurans na tao:

- Type 1 Insured: Self-employed, part time na trabahador, estudyante, walang trabaho, atbp.
- Type 2 Insured: May insyurans sa ilalim ng pensyon ng empleyado
- Type 3 Insured: Mga asawa na nakaasa sa taong Type 2 Insured.

① Para sa pamamaraan ng Pagsali

[Sumangguni sa] National Pension Division, Japan Pension Service Ota City Pension Office ☎ 03-3733-4141
National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division ☎ 03-5744-1214

Isumite ang aplikasyon ng pagsali sa munisipyo (Ota City) kung saan nakarehistro bilang residente o kaya ay sa counter ng pension office. Ang mga empleyado ng kompanya ng Hapon ay kinakailangang sumali sa Employees’ Pension Insurance Plan at sa National Pension Plan. Ang pamamaraan ng pagsali sa Employees’ Pension Insurance Plan at sa National Pension Plan ng mga empleyado sa kompanya ay ginaganap sa lugar ng trabaho. Kung ikaw ay isang empleyado ng kompanya, hindi na kailangan na ikaw ang gumawa nito.

Pangyayari	Ipagbigay-alam
Kapag nakarating sa Japan mula sa ibang bansa at nagparehistro ng pagtira	National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division, Japan Pension Service Ota City Pension Office
Kapag umalis na sa kompanya	National Pension section, National Health Insurance and National Pension Division, Branch Office (P17), Japan Pension Service Ota City Pension Office
Kapag naging dependent na asawa (ng taong may employee insurance)	Lugar ng trabaho ng asawa

Kapag nawala ang katayuan bilang dependent na asawa (ng taong may employee insurance)	National Pension section, National Health Insurance and National Pension Division, Branch Office (P17), Japan Pension Service Ota City Pension Office
Kapag lumipat ng pinagtatrabahuan	Lugar ng trabaho ng asawa
Kapag naiwala ang Pension Handbook o Basic Pension Number Notice	Type 1 Insured: National Pension section, National Health Insurance and National Pension Division, Branch Office(P.17) Type 2 Insured: lugar ng trabaho Type 3 insured: lugar ng trabaho ng asawa, Japan Pension Service Ota City Pension Office
Impormasyon tungkol sa pagbabayad ng premium	Japan Pension Service Ota City Pension Office
Pag-aplay ng pagkalibre sa buwanang bayarin sa insyurans	National Pension section, National Health Insurance and National Pension Division, Japan Pension Service Ota City Pension Office
Pag-aplay ng isang estudyante para hindi masali sa buwanang bayarin ng insyurans	National Pension section, National Health Insurance and National Pension Division, Japan Pension Service Ota City Pension Office
Mag-aapply para sa exemption sa pagbabayad sa panahon bago at pagkatapos manganak	National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division, Japan Pension Service Ota City Pension Office
Paggawa ng pamamaraan ng pagsali para sa pensyon ng matatanda	National Pension section, National Health Insurance and National Pension Division, Japan Pension Service Ota City Pension Office

※ Maaring magtanong lamang para sa mga kakailanganing mga dokumento.

② Pangunahing benepisyo ng pensyon

[Sumanguni sa] National Pension Division, Japan Pension Service Ota City Pension Office ☎ 03-3733-4141
National Pension Section, National Health Insurance and National Pension Division ☎ 03-5744-1214

Ang mga indibidwal na nagbayad ng buwanang hulog sa loob ng 10 taon ay makakatanggap ng pangunahing pensyon para sa matatanda kapag nag 65 yrs. old na. Gayundin, karapat-dapat makakatanggap ng pensyon na nakatala sa ibaba kapag nagkaroon ng kapansanan o dayuhan na residente sa Japan at aalis ng bansa bago makumpleto ang kwalipikadong panahon na kailangan, at kung ano-ano pa. (Ang sumusunod ay mga halimbawa)

○ Pangunahing pensyon para sa may mga Kapansanan

Ang mga taong nagkaroon ng kapansanan dahil sa sakit o pinsala habang kasali sa National Pension Plan ay karapat-dapat tumanggap ng pensyon na ito kapag sila ay nagbabayad ng buwanang hulog.

○ Pangunahing Pensyon para sa pamilyang Namatayan

Ang asawa at mga anak ng namatay na miyembro ng National Pension Plan ay karapat-dapat na tumanggap ng pensyon na ito kapag sila ay nakapagbayad ng buwanang hulog.

○ **Lump-sum withdrawal payment (isang kabuuang bayad)**

Upang makatanggap ng pangunahing pensyon para sa mga matatanda, pangunahing pensyon para sa may kapansanan o para sa mga pamilyang namatayan, kinakailangang magbayad ng buwanang hulog sa itinalagang panahon. Mayroon programa para sa benepisyo ng lump-sum withdrawal para sa mga dayuhan na naging residente ng maikling panahon at bumalik sa kanilang bansa na hindi nakumpleto ang panahon na karapat-dapat upang makatanggap ng pensyon. Ang benepisyo para sa lump-sum ay binabayaran sa loob ng 2 taon matapos umalis ng Japan kapag ang residente ay nagbayad ng buwanang hulog na hindi bababa sa 6 na buwan.

③ **Hulog na bayad para sa National Pension**

**[Sumangguni sa] Japan Pension Service Ota City Pension Office
National Pension Division ☎ 03-3733-4141**

Ang halaga ay nagbabago taon-taon (Abril hanggang Marso)

※ Sa ilalim ng programa para sa Social Welfare Pension Insurance ang kompanya/ employer ay magbabawas ng kalahati mula sa sahod base sa kita ng empleyado at ang natitirang kalahati ay babayaran ng kompanya/ employer.

④ **Pamamaraan ng Pagbayad ng Buwanang Hulog**

**[Sumangguni sa] Japan Pension Service Ota City Pension Office
National Pension Division ☎ 03-3733-4141**

Kapag nagpasa ng report sa munisipyo (Ota City) o sa counter ng pension office, ipapadala ang Basic Pension Number Notice at payment slip para sa bayad ng insurance mula sa lokal na pension office. Gamitin ang payment slip para magbayad sa malapit na pinansyal na institusyon (bangko, shinkin bank, credit union, agricultural cooperative), post office (Japan Post Bank), convenience store o kaya ay gamit ang smartphone app.

Maaari ring magbayad sa pamamagitan ng account transfer o credit card. Gayunpaman, hindi nagsasagawa ng proseso kaugnay ng pagbabayad ng pension sa city office at mga branch office (P.17), kaya mangyari lamang na magpasa ng report sa Ota Pension Office ng Japan Pension Service.

⑤ **Pagkalibre sa Hulugang Bayad**

**[Sumangguni sa] National Pension Section, National Health Insurance
and National Pension Division ☎ 03-5744-1214
Japan Pension Service Ota City Pension Office
National Pension Division ☎ 03-3733-4141**

Kung ang sarili, asawa at ang puno ng sambahayan ay kumita nang mas mababa sa itinakdang halaga sa nakaraang taon, o kaya ay may kahirapang magbayad ng insurance dahil sa pagkawala ng trabaho at iba pang kadahilanan, ang kabuuan o bahagyang halaga ng insurance ay maaaring maging libre kapag nag-apply para sa exemption at naaprubahan ito. Mayroon ding “Special Payment System for Student”, “Payment Postponement System” at “Exemption System Before and After Childbirth”.

(2) Pagkuha ng kabuuang panahon na kailangan sa Pensyon
[Sumangguni sa] Japan Pension Service Ota City Pension Office
National Pension Division
☎ 03-3733-4141
Tignan ang opisyal na website:



Maaring maging kwalipikado para sa pagkuha ng kabuuang benepisyo sa ilalim ng sistema ng mga Hapon kasama na ang mga sistema ng mga dayuhan kung ikaw ay may sapat na kinakailangang panahon sa ilalim ng sistema para sa pensyon ng mga bansa na kung saan may kasunduan ang Japan patungkol dito, ang mga ito ay depende sa mga kwalipikasyon. Tandaan na kapag ikaw ay nakatanggap ng “Lump-sum withdrawal payment”, ang kabuuan na panahon ng coverage ay wala nang bisa upang makasali sa iba pang benepisyo para sa mga Hapon.

3 Medical Insurance Program for Older Senior Citizens

Kailangang sumali sa “Medical Insurance Program for Older Senior Citizens” ang mga kwalipikadong residente na hindi bababa sa edad na 75 yrs. old, sila ay hindi maaring makasali sa National Health Insurance Program. Ang mga residente na may nakatalagang antas ng kapansanan na may edad mula 65 yrs. old~74 yrs. old ay maari din sumali sa sistema sa pamamagitan ng kusang-loob na batayan ng pagbabayad matapos na umalis sa National Health Insurance Program. Para sa mga katanungan tungkol sa kung paano maging kwalipikado at sa mga benepisyo para sa mga residente na dayuhan lamang, maari lamang magtanong sa mga nakatalagang numero sa ibaba.

[Sumangguni sa] Medical Insurance for Older Senior Citizens Section,
National Health Insurance and National Pension Division

- ① **Pagiging karapat-dapat at sa pagkakalkula ng buwanang hulog: ☎ 03-5744-1608**
- ② **Para sa mga benepisyo: ☎ 03-5744-1254**
 - Kapag ang mga bayarin sa medikal ay mahal
 - Pagkain habang nasa Ospital
 - Kapag ang magastos na pangangalaga ay nagpapatuloy sa mahabang panahon Atbp.
- ③ **Pamamaraan ng pagbayad: ☎ 03-5744-1647**